


7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Hirarkiya ng Pagpapahalaga




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Edukasyon sa Pagpapakatao- 7
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan- Modyul 3: Hirarkiya ng Pagpapahalaga
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Mga Manunulat: Liezel Joy P. Diño

Language Editor: Florenil M. Malabayabas

Tagasuri: Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

Tagaguhit: Gerardo G. Lacdao

Tagalapat: Liezel Joy P. Diño, Jefferson R. Repizo

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez,
Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte,
Nestor T. Rualo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 3:
Hirarkiya ng Pagpapahalaga**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Bilang nagbibinata o nagdadalaga ay marami ka nang pinahahalagahan. Kabilang dito ang pamilya, kaibigan, pag-aaral at marami pang iba. Sa panahong nagbabago ang ating mga prayoridad dulot ng pagbabago sa ating katangiang pampisikal at emosyonal, nararapat na pagtuunan ng pansin ang ating mga pinahahalagahan. Sa yugtong ito, nararapat na matutunan mong pahalagahan ang mga bagay na makatutulong at makabubuti sa iyo.

Ano nga ba ang pagpapahalaga? Ano ang iyong mga pinahahalagahan? Sa iyong palagay, tama ba ang iyong mga pinahahalagahan? Ito ang mga katanungang magdadala sa iyo sa malalim na pag-iisip: tama nga bang higit na bigyan ng halaga ang pera kaysa sa pamilya? ang sarili kaysa sa kapuwa? ang kapuwa kaysa sa Diyos?

LAYUNIN

Sa araling ito inaasahan na:

- Natutukoy ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga at ang mga halimbawa ng mga ito.
- Nakagagawa ng hagdan ng sariling pagpapahalaga batay sa Hirarkiya ng mga Pagpapahalaga ni Max Scheler.



Subukin

Panuto: Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot. Isulat ang napiling kasagutan sa isang malinis na papel.

1. Ang _____ ay tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga bagay na tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao at sa mga bagay na maituturing lamang ng rangya o luho.
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
2. Ito ay halagang may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay. Pinahahalagahan ito upang masiguro niya ang kaniyang kaayusan at mabuting kalagayan.
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
3. Ang pinakamataas na antas ng Hirarkiya ng Pagpapahalaga ay _____
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
4. Sinasabing ang pera ay nakapagbibigay ng saya, ngunit may mga taong maraming pera subalit inaaming hindi ito ang makapagpapasaya sa kanila. Sa paglipas ng panahon, mahihinuha nila na ang pagkakaroon ng buong pamilya at mga tapat na kaibigan pala ang tunay na mas makapagpapasaya sa kanila. Ang halimbawang ito ay patunay sa anong katangian ng mataas na antas ng halaga?
A. Habang tumatagal ang halaga, mas tumataas ang antas nito
B. Mataas ang antas ng halaga kung ito ay lumilikha ng iba pang halaga
C. Higit na malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng halaga, mas mataas ang antas nito
D. Higit na mahirap mabawasan ang kalidad ng halaga kahit pa dumarami ang nagtataglay nito, mas mataas ang antas nito
5. Kadalasang mahalaga para sa mga nagdadalaga/nagbibinata ang pagkakaroon ng iba't ibang mga gadget katulad ng cellphone. Nasa anong antas ito ng pagpapahalaga?
A. pambuhay B. ispiritwal C. pandamdam D. banal

6. Sa panahon ngayon, nauuso na ang mga instant foods na mas mabilis lutuin kumpara sa mga mas masustansiyang pagkain. Nasa anong antas ito ng pagpapahalaga?
- A. pambuhay B. ispiritwal C. pandamdam D. banal
7. Kapag ang pinahahalagahan ay nasa Espirituwal na lebel, tinutukoy nito ang mga _____.
- A. Diyos, simbahan/sambahan/mosque, banal na aklat
- B. pag-eehersisiyo, pamamahinga, pagkain ng masustansiyang pagkain
- C. pagmamahal, kapayapaan, katarungan
- D. gadyet, mamahaling alahas, magarang sasakyan, malaking mansiyon
8. Kung ang pagpapahalaga ay nasa pambuhay na antas, ang tinutukoy nito ay ang _____.
- A. Diyos, simbahan/sambahan/mosque, banal na aklat
- B. pag-eehersisiyo, pamamahinga, pagkain ng masustansiyang pagkain
- C. pagmamahal, kapayapaan, katarungan
- D. gadyet, mamahaling alahas, magarang sasakyan, malaking mansion
9. Ang mga sumusunod ay mga antas ng hirarkiya ayon kay Max Scheler, MALIBAN sa _____.
- A. Pambuhay na halaga C. Makabansang halaga
- B. Padamdam na halaga D. Banal na halaga
10. Ano ang marapat na una mong pahalagahan?
- A. Pambuhay na halaga C. Makabansang halaga
- B. Padamdam na halaga D. Banal na halaga

Aralin

1

Iba't Ibang Antas at Mga Halimbawa ng Pagpapahalaga Ko


Ano-ano ang itinuturing mong mahalaga para sa iyo? Bakit mo pinahahalagahan ang mga ito? Tama ba ang iyong mga pinahahalagahan at ang pagpapahalagang iniuukol dito?

Ilan lamang ito sa mga katanungang pupukaw sa iyong kamalayan upang mapag-ukulan mo ng pansin ang bahaging ito ng iyong pagkatao. Mahalagang may kamalayan ka tungkol dito. Hindi sapat na nabubuhay lang tayo sa mundong ito. Kailangang malinaw rin sa atin kung para saan ang ating buhay. Sa pagpasok sa pagdadalaga o pagbibinata, mahalagang nabubuhay ka nang makahulugan.



Balikan

Panuto: Mula sa inyong naging pagkatuto sa nakaraang aralin, suriing mabuti at sagutan ang Venn Diagram sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



Mga Tala para sa Guro

Muling balikan ang mga natutuhan sa nakalipas na aralin tungkol sa Birtud at Pagpapahalaga. Tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga salitang ito. Gayundin ay muling alalahanin ang kahalagahan ng pagtataglay nito sa pang-araw-araw na buhay, lalo't higit sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata. Bigyan ng sapat na oras upang magawa ito ng mag-aaral. Maaring muling tingnan ang nakalipas na aralin.



Tuklasin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.1: Ang Tunay sa Hindi Tunay

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tula. Pagkatapos ay sagutan ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

Ang Tunay na Mahalaga

Ni Liezel Joy Prieto Diño

Sa panahong kaybilis uminog ng mundo.
Sa panahong kaybilis magbago ng isip ng tao.
Kinakailangan mo pa ring tumigil pasumandali,
himay-himayin ang marami't magulong pangyayari.

Ika nga'y maiksi lamang ang buhay natin,
kung kaya't kailangang pakasuriin.
Hindi lahat ay dapat pahalagahan
sapagkat hindi lahat ay pangmatagalaan.



Iyang ML, Facebook, Twitter at iba pa
ay mas tunay nga bang mahalaga?
Kaysa sa pakikihalubilo at pagtatatag
ng tunay na samahang walang titibag?

Ngayon nga'y kayraming marurupok,
sa pag-ibig sila'y pilit sumusubok
Kadalasan, pag-aaral kanilang isinasantabi
upang sa piling ng minamahal, sila'y mamalagi.

Sitwasyon ng pamilya ay ganoon din.
Pagkakabuklod-buklod ay madalas wala sa mithiin.
Nasa isang bubong ngunit 'di magkasundo
pagkat bawat isa ay may itinatagong panibugho.


Gusto mong sumunod sa uso
Iya'y naiintindihan ko...
Ngunit hanggang saan at kailan
Hanggana'y iyo dapat nalalaman!!!

Sa haba ng daang iyong tinatahak
Isang tanong ang sa isip mo'y tatatak.
Ano nga ba ang tunay na mahalaga?
Buhay ko ba'y nagamit ayon sa itinalaga?



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naramdaman habang binabasa ang tula? Bakit?
2. Kung iyong susuriin ang tula, ano-ano raw ang nararapat pahalagahan?
3. Ayon sa tula, paano mo masasabi na nagamit mo nang mabuti ang iyong buhay?
4. Bilang isang nagbibinata o nagdadalaga, paano mo magagamit ang mga natutuhan mo sa tulang nabasa sa iyong pagpapahalaga?




Suriin

A. Mayroong apat na antas ang Hirarkiya ng Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler (Dy, 1994) ay. Ito ay ang sumusunod:

1. Pandamdang na mga Pagpapahalaga (Sensory Values).

- Kasama dito ang pagbibigay-halaga sa mga bagay na tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao tulad ng pagkain, tubig, damit, tirahan at iba pang teknikal na mga pagpapahalaga.
- Kasama rin sa mga pagpapahalagang ito ang mga bagay na maituturing lamang na rangya o luho ng isang tao, katulad ng mamahaling alahas, magarang sasakyan o mamahaling mga bag at sapatos na labis na hinahangad ng ilang mga tao.




2. Pambuhay na Pagpapahalaga (Vital Values)



- Ito ay mga pagpapahalagang may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay (well-being).
- Halimbawa, mahalaga sa tao ang makapagpahinga kung siya ay pagod dahil ito ang makapagpapabuti sa kaniyang pakiramdam.
- Ang kumain ng masustansiyang pagkain upang matiyak na siya ay malusog at hindi magkakasakit.


3. Mga Ispirituwal na Pagpapahalaga (Spiritual Values).

- Ang pagpapahalagang ito ay tumutukoy sa mga pagpapahalaga para sa kabutihan, hindi ng sarili kundi ng mas nakararami.
- Ang ilan sa mga halimbawa nito ay kapayapaan, pagbibigay sa nangangailangan, kalayaan at hustisya.
- May tatlong uri ang pagpapahalagang ito ayon sa aklat na Problems of a Sociology of Knowledge na isinulat ni Max Scheler:
 - a. Mga pagpapahalagang pangkagandahan (aesthetic values)
 - b. Pagpapahalaga sa katarungan (value of justice)
 - c. Pagpapahalaga sa ganap na pagkilala sa katotohanan (value of full cognition of truth)



4. Banal na Pagpapahalaga (Holy Values).

- Ito ang pinakamataas sa lahat ng antas ng mga pagpapahalaga.




- Tumutukoy ito sa mga pagpapahalagang kailangan sa pagkamit ng tao ng kaniyang kaganapan upang maging handa sa pagharap sa Diyos.
- Ang pagkilos tungo sa kabanalan ang katuparan ng kaganapan hindi lamang ng materyal na kalikasan ng tao kundi maging ng kaniyang ispirituwal na kalikasan.

B. Ang pagpapahalaga ay sakop ng iyong kalayaan kung kaya malaya ang tao na pahalagahan ang sinoman o anoman na kaniyang naisin. Ang lahat sa paligid mo ay ibinigay ng Diyos at marapat na pahalagahan. Ngunit ano nga ba ang higit na mahalaga para sa iyo? Sinasabing kapag mataas ang antas ng pagpapahalaga, higit na mataas na antas ng kasiyahan ang naidudulot nito. Ngunit, ang higit na mabababang antas ng pagpapahalaga, bagamat nagbibigay ng kasiyahan, ay madaling mawala o maglaho.



**Banal
Ispirituwal
Pambuhay
Pandamdad**



Pagyamanin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.2: Suri-Basa

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutan ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

Pagpapahalaga ko: Mababa o Mataas, Negatibo o Positibo?

Sa isang parang ay may mga naninirahang insekto. Mayroong maliliit, makukulay, lumilipad at gumagapang. Ngunit sa lahat ng mga ito, si Paruparo ang pinakamaganda. Siya ay nagtataglay ng iba't ibang kulay na sadyang nakaaakit. Kung kaya naman siya ay nilalapitan ng iba pang mga insekto na itinuturing niyang mga kaibigan. Ngunit isang araw habang namamasyal, siya ay naabutan ng malakas na ulan.

Paruparo: "Naku kay lakas ng ulan, kailangan ko nang maghanap ng masisilungan!"

(Nakita niya ang bahay ni Gagamba)

Paruparo: "Kaibigan, maaari ba akong makisilong sa iyong tahanan?"

Gagamaba: "Pagpasensiyahan mo na kaibigan, maliit lamang ang aking bahay. Hindi tayo maaaring magkasiya rito. Mabuti pa ay umalis ka na lamang."

(Nalungkot si Paruparo at dali-daling umalis upang maghanap ng iba pang mapagtataguan. Natagpuan niya si Langgam na abala sa pagtatago ng kaniyang mga naimpok na pagkain.)


Paruparo: "Langgam, Langgam! Maaari ba akong pansamantalang makituloy sa iyong tahanan?"

Langgam: "Naku, hindi! Baka mabasa ng iyong malalapad na pakpak ang aking mga pagkain. Humanap ka na lang ng iba."

(At umalis si Paruparo na mabigat ang dibdib sa inasal ng kaniyang mga kaibigan. Nilalamig na rin siya at nagugutom.)

Langaw: "O Paruparo, bakit ka nagpapaulan? Baka magkasakit ka niyan! Halika rito sa aking munting tahanan"

(Nabuhayan ng loob si Paruparo. Bagamat nahihya ay hindi na niya tinanggihan ang alok nitong tulong.)



Paruparo: “Napakabuti mo Langaw. Kahit ikaw ay di ko kaibigan, handa mo pa rin akong tulungan.”

Langaw: “Ang pagtulong ay hindi ibinibigay sa mga kaibigan lamang, bagkus ay sa higit na nangangailangan.”

Pamprosesong Tanong

1. Ano-ano ang pinahahalagahan ni Paruparo, Langgam, Gagamba, at Langaw? Nasa anong antas ang mga ito?

2. Sa iyong palagay, sino sa kanilang apat ang may mas mataas na antas ng pagpapahalaga? Bakit?

3. Bilang kabataan, sa papaanong paraan mo matutularan ang halimbawang ipinamalas ni Langaw?

4. Mula sa naging pagkatuto sa tekstong nabasa, gumuhit ng isang bagay na sumisimbolo sa **IYONG SARILING PINAHAHALAGAHAN** batay sa apat na antas ng hirarkiya ng pagpapahalaga.







Isaisip


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.3: Batay sa Aking Pagkakaunawa

A. Panuto: Isulat sa **Speech Balloons** ang iyong mga natutuhan sa aralin at ipaliwanag ito sa loob ng lima hanggang walong pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



A. Panuto: Umisip ng tatlong (3) halimbawa para sa bawat antas ng pagpapahalaga. Itala ang mga ito sa **pyramid chart**. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.





Isagawa

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.4: Hagdan ng Sariling Pagpapahalaga

- A. **Panuto:** Gumawa ng **hagdan ng sariling pagpapahalaga** batay sa Hirarkiya ng mga Pagpapahalaga ni Max Scheler gamit ang larawan sa ibaba.



	Bar	1. _____ 2. _____ 3. _____
	Ispirituwal	1. _____ 2. _____ 3. _____
	Pambuhay	1. _____ 2. _____ 3. _____
Pandamdám		1. _____ 2. _____ 3. _____

B. Panuto: Kapanayamin mo ang ilang kapuwa mo nagbibinata o nagdadalaga sa inyong lugar. Gamiting gabay ang outline sa ibaba. Isulat papelang ang kanilang magiging sagot.

Pangalan: _____

Edad: _____

Kasarian: _____

Mga Pinapahalagahan

a. Pandamdam

1. _____

2. _____

3. _____

b. Pambuhay

1. _____

2. _____

3. _____

c. Espirituwal

1. _____

2. _____

3. _____

d. Banal

1. _____

2. _____

3. _____

Gabay na Katanungan:

(Sasagutan matapos ang panayam)

1. Ano-ano ang magkakatulad sa inyong pinahahalagahan?

2. Ano-ano ang magkakaiba na inyong pinahahalagahan?

3. Sa iyong palagay, bakit kaya magkatulad o magkaiba ang inyong mga pinahahalagahan? Ipaliwanag ang kasagutan.

Bilang kapuwa kabataan, ano ang maipapayo mo sa kanya hinggil sa mga dapat pahalagahan? Bakit?




Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot. Isulat ang napiling kasagutan sa isang malinis na papel.

1. Ang _____ ay tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga bagay na tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao at sa mga bagay na maituturing lamang ng rangya o luho.
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
2. Ito ay halagang may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay. Pinahahalagahan ito upang masiguro niya ang kaniyang kaayusan at mabuting kalagayan.
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
3. Ang pinakamataas na antas ng Hirarkiya ng Pagpapahalaga ay _____
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal
4. Sinasabing ang pera ay nakapagbibigay ng saya, ngunit may mga taong maraming pera subalit inaaming hindi ito ang makapagpapasaya sa kanila. Sa paglipas ng panahon, mahihinuha nila na ang pagkakaroon ng buong pamilya at mga tapat na kaibigan pala ang tunay na mas makapagpapasaya sa kanila. Ang halimbawang ito ay patunay sa anong katangian ng mataas na antas ng halaga?
A. Habang tumatagal ang halaga, mas tumataas ang antas nito
B. Mataas ang antas ng halaga kung ito ay lumilikha ng iba pang halaga
C. Higit na malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng halaga, mas mataas ang antas nito
D. Higit na mahirap mabawasan ang kalidad ng halaga kahit pa dumarami ang nagtataglay nito, mas mataas ang antas nito
5. Kadalasang mahalaga para sa mga nagdadalaga/nagbibinatang kagaya ko ay ang pagkakaroon ng iba't ibang mga gadget katulad ng cellphone. Nasa anong antas ito ng pagpapahalaga?
A. pambuhay B. ispirituwal C. pandamdam D. banal


6. Sa panahon ngayon, nauuso na ang mga instant foods na mas mabilis lutuin kumpara sa mga mas masustansiyang pagkain. Nasa anong antas ito ng pagpapahalaga?
- A. pambuhay B. ispiritwal C. pandamdam D. banal
7. Kapag ang pinahahalagahan ay nasa Espirituwal na lebel, tinutukoy nito ang mga _____.
- A. Diyos, simbahan/sambahan/mosque, banal na aklat
- B. pag-eehersisiyo, pamamahinga, pagkain ng masustansiyang pagkain
- C. pagmamahal, kapayapaan, katarungan
- D. gadyet, mamahaling alahas, magarang sasakyan, malaking mansiyon
8. Kung ang pagpapahalaga ay nasa pambuhay na antas, ang tinutukoy nito ay ang _____.
- A. Diyos, simbahan/sambahan/mosque, banal na aklat
- B. pag-eehersisiyo, pamamahinga, pagkain ng masustansiyang pagkain
- C. pagmamahal, kapayapaan, katarungan
- D. gadyet, mamahaling alahas, magarang sasakyan, malaking mansiyon
9. Ang mga sumusunod ay mga antas ng hirarkiya ayon kay Max Scheler, MALIBAN sa _____.
- A. Pambuhay na halaga C. Makabansang halaga
- B. Padamdam na halaga D. Banal na halaga
10. Ano ang marapat na una mong pahalagahan?
- A. Pambuhay na halaga C. Makabansang halaga
- B. Padamdam na halaga D. Banal na halaga



Karagdagang Gawain

Panuto: Gawin ang sumusunod.

1. Umisip ng isang Pick-Up line o Hugot Line na may kinalaman sa pagpapahalaga.
2. Isulat ito sa isang *short bondpaper*.
3. Lagyan ng disenyo ang naturang papel upang mas maging kaiga-igaya sa babasa.



Susi sa Pagwawasto

Pamantayan sa Pagmamarca Para sa Bahagi ng Balikan, Tuklasin, Pagyamanin, Isaisip, Isagawa at Karagdagang Gawain	
KRITERYA	
PUNTOS	
5	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Malinaw na nailahad at napaliwanag ang mga kasagutan sa mga gawain ✓ Ginamitan ng kumpletong pangungusap na may wastong gamit ng mga salita ✓ Malinis, maayos at malinaw ang pagkakasulat ng mga kasagutan
4	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Malinaw na napaliwanag at nailahad ang mga kasagutan ✓ Ginamitan ng kumpletong pangungusap ngunit may kaunting pagkakamali sa gamit ng mga salita ✓ Malinis ang sagutang papel
3	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Napaliwanag at nailahad ang mga kasagutan ✓ Hindi ginamitan ng kumpletong pangungusap at may kaunting pagkakamali sa gamit ng mga salita ✓ Hindi gaanong malinis at maayos ang pagkakasulat ng mga kasagutan.
2	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanags sa mga kasagutan. ✓ May mali sa pagkakabuo ng mga pangungusap. ✓ Hindi maayos at malinis ang pagkakasulat ng mga kasagutan
1	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Hindi naunawaan ang gawain. ✓ Ang paliwanag o opinyon ay walang kaugnayan sa katunungan/gawain ✓ Marumi at hindi maayos ang sagutang papel.
0	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Walang Kasagutan

Tayahin

1. C
2. A
3. D
4. C
5. C
6. C
7. C
8. B
9. C
10. D

Subukin

1. C
2. A
3. D
4. C
5. C
6. C
7. C
8. B
9. C
10. D

Sanggunian

- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 23-35

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph